

Manwal ng Serbisyo para sa Division of Developmental Disabilities AD at TBI Waivers

Na-update noong Hulyo 2024.

Mga Personal na Sistema ng Pagtugon sa Emerhensiya o Personal Emergency Response Systems (PERS)

Code ng Serbisyo ng NFOCUS

Sistema ng Pagtugon sa Emerhensiya 3447

Pagpapakahulugan ng Serbisyo

Ang Personal Emergency Response Systems (PERS) ay isang serbisyo para sa mga nasa wastong gulang sa ilalim ng HCBS Waiver para sa mga Nakatatanda at mga Bata at Matatandang may Kapansanan (AD) at Traumatic Brain Injury (TBI) Waiver. Nagbibigay ito ng isang elektronikong aparato na nagbibigay-daan sa isang kalahok na may edad 19 na taon o higit pa na magkaroon ng agarang access sa tulong pang-emergency anumang oras sa pamamagitan ng isang sistema ng komunikasyon. Ang sistema ay nakakonekta sa telepono ng kalahok at naka-program upang magpadala ng signal sa isang sentro ng tugon kapag isinaaktibo ang tulong na pindutan. Ang sentro ng tugon ay may mga sinanay na propesyonal na agarang tutugon kapag isinaaktibo ang pindutan. Kasama sa serbisyong ito ang paglagay, pangangalaga, at pagpapanatili ng PERS na kagamitan.

Mga Kondisyon ng Pagbibigay

- A. Ang pangangailangan para sa serbisyong ito ay kailangang matukoy sa panahon ng pagsusuri ng kalahok at maisama sa plano na nakasentro sa tao o person-centered plan (PCP).
- B. Ang mga tagapagbigay ay hindi maaaring magbigay ng mga serbisyo sa higit sa isang kalahok nang sabay-sabay maliban na kung iba ang nakasaad sa PCP ng kalahok.
- C. Ang kakayahan ng kalahok na gamitin ang Personal Emergency Response Services (PERS) na kagamitan, batay sa kanilang kognitibo at pisikal na abilidad, ay sabay na tutukuyin ng Tagapag-ugnay ng Serbisyo at ng kalahok.
- D. Ang mga serbisyo sa ilalim ng AD at TBI waivers ay limitado sa mga karagdagang serbisyo hindi sa ibang kalagayan na saklaw ilalim sa plano ng estado ng Medicaid, ngunit ayon sa mga layunin ng waiver na maiwasan ang institusyonalisasyon.

Mga Kinakailangan para sa Tagapagbigay

- A. Ang lahat ng mga tagapagbigay ng mga serbisyo sa waiver ay dapat:
 1. Maging isang tagapagbigay ng Medicaid;
 2. Sumunod sa lahat ng naaangkop na mga titulo ng Nebraska Administrative Code at Pang Estadong Batas ng Nebraska;
 3. Sumunod sa mga pamantayan na inilarawan sa Kasunduan ng Tagapagbigay ng Serbisyo ng Sangay ng Medicaid at Pangmatagalang Pangangalaga;
 4. Kumpletuhin ang mga pagsasanay sa DHHS sa kahilingan; at
 5. Gamitin ang pangkalahatang mga pag-iingat.
- B. Ang mga tagapagbigay ng PERS ay dapat:
 1. Ituro sa kalahok kung paano gagamitin ang kagamitan ng PERS;
 2. Kumuha ng pirma ng kalahok na kumpirmahin ang pagtanggap ng kagamitan ng PERS;
 3. Magbigay ng isang kapalit na Personal na aparato ng PERS sa kalahok sa loob ng 24 na oras mula sa abiso tungkol sa pagkasira ng orihinal na kagamitan habang ito ay inaayos;
 4. I-update ang listahan ng mga kalahok ng mga tumutugon at mga pangalan ng kontak nang hindi bababa sa kalahating taon upang matiyak ang tumpak at kasalukuyang impormasyon;
 5. Tiyakin ang buwanang pagsusuri ng kagamitan ng PERS; at

6. Magbigay ng patuloy na tulong kapag kinakailangan upang suriin at ayusin ang kagamitan ng PERS, turuan ang kalahok sa paggamit ng kagamitan ng PERS, at magsagawa ng mga pagsusuri sa pagganap ng sistema.
- C. Ang mga tagapagbigay ng PERS ay dapat panatilihin ang hindi bababa sa mga sumusunod sa bawat file ng kalahok:
 1. Dokumentasyon ng paghahatid ng serbisyo kabilang ang orientasyon ng kalahok sa sistema at paglagay ng kagamitan ng PERS;
 2. Listahan ng mga tumugon at mga pangalan ng kontak;
 3. Mga talaan ng kaso na nagdodokumento ng mga kontak ng kalahok at ng tumugon; at
 4. Talaan ng buwanang pagsusuri ng kagamitan ng PERS.

Mga Singil

- A. Ang mga presyo ay itinakda sa isang indibidwal na batayan ng provider sa pamamagitan ng isang proseso ng negosasyon sa pagitan ng tagapagbigay at ng Tagapag-ugnay ng mga Mapagkukunan o Resource Developer (RD).
- B. Ang mga presyo ay tinitingnan taun-taon sa oras na ang taunang kasunduan ng tagapagbigay ay nakaiskedyul na matapos.
- C. Ang mga babayaran ay itinakda batay sa karaniwan at nakasanayang mga babayaran na hindi lalampas sa halaga na sisingilin ng tagapagbigay sa isang pribadong nagbabayad na indibidwal.
- D. Ang dalas ng serbisyo ay isang buwanang bayad para sa renta.